



Wespath

BENEFITS | INVESTMENTS



Pagsasabatas mula sa Wespath

Kumperensya Heneral 2020
Abril 23 – Mayo 3, 2024

*Pabalat na larawan: Howard Memorial
Church (Murewa Mission)—Murewa Town-
ship, Zimbabwe*

Sinusuportahan ng Aming mga Prioridad ang Aming Misyon

Mga Benepisyo at Investment ng Wespeth (Wespeth's) Ang mga prayoridad sa batas para sa Kumperensya Heneral ay sumusuporta sa aming mga pangunahing layunin:



Pangangalaga sa mga naglilingkod— matagal sa hinaharap.



Pagtiyak na napapanatili ang mga planong benepisyo sa maraming taon sa hinaharap.



Pagbibigay ng maaasahang kita sa pagreretiro para sa pastor/ministro sa U.S. at tulong para sa mga plano sa pagreretiro sa mga Kumperensya Sentral.



Pagprotekta sa kapaligiran, mga karapatang pantao at nilikha ng Diyos sa pamamagitan ng responsable at patuluyang mga estratehiya sa investment.



Pinangangasiwaan ng Wespeth ang **programa ng mga Pensyon ng Kumperensya Sentral**, na nagsisilbi sa 69 sa 79 na pansamantala at taunang mga kumperensya sa Afrika, Pilipinas, Europa at Eurasia. Naglalakbay ang mga kinatawan ng Wespeth sa Afrika, Europa at Pilipinas upang makipagkita sa mga opisyal ng mga benepisyo, mga retirado at mga obispo sa mga Kumperensya Sentral.



Mozambique—Mayo 2023



Forum ng mga Opisyal ng Pensyon ng Kumperensya Sentral: Königswinter, Germany—Mayo 2022



Pilipinas—Agosto 2023

Mga Benepisyo at Investment ng Wespeth

Tungkol sa Wespeth

Ang Wespeth ay isa sa 13 pangkalahatang ahensya na naglilingkod sa The United Methodist Church (UMC). Ang Wespeth ang tagapangasiwa ng mga benepisyo para sa Simbahan. Sa Estados Unidos, pinangangasiwaan ng Wespeth ang mga benepisyo sa pagreretiro, kalusugan, kapansanan at kamatayan para sa mga pastor/ministro, layko na empleyado at kanilang mga pamilya.

Sa Afrika, Pilipinas, Sentral at Southern Europe, at Eurasia (Russia), nakikipagtulungan ang Wespeth sa 69 na kumperensya upang mapangasiwaan ang mga pagbabayad ng pensyon sa pamamagitan ng programang Central Conference Pensions (CCP program). Mahigit sa 3,600 retiradong pastor/ministro at mga nabubuhay na asawa ang tumatanggap ng mga bayad sa pamamagitan ng programang CCP.

Hindi tumatanggap ang Wespeth ng anumang pangkalahatang pondo ng simbahan.

Tungkol sa Aming Pangalan

Noong Hulyo 2016, pinalitan namin ang aming pangalan sa operasyon mula sa Pangkalahatang Lupon ng Pensyon at mga Benepisyo sa Kalusugan at ginawang Wespeth. Pinararangalan ng aming pangalan si John Wesley at ang ating pamanang Wesleyan.

Batas: Pagpapalit ng Pangalan

PETISYON 20213-FA

Disiplina Seksyon IX (¶1501–1509)— GBPHB-Wespeth na Pangalan

Ano ito: Pormal na pinapalitan ang pangalan ng ahensya at ginagawang Wespeth sa kabuuan ng *Ang Aklat ng Disiplina* at *Aklat ng mga Resolusyon*; pinapalitan ang "Pangkalahatang Lupon ng Pensyon at mga Benepisyo sa Kalusugan."

Bakit ito inirerekomenda:

Nagnenegosyo na ang ahensya gamit ang pangalang Wespeth mula noong 2016, kaya alam ng mga tao sa buong UMC ang mas bagong pangalan na ito.



Nakatuon sa Hinaharap ang mga Petisyon ng Wespeth

Nakatuon sa hinaharap ng Simbahan ang mga petisyon ng Wespeth para sa Kumperensya Heneral.

Marami sa mga petisyon ng Wespeth ang nalalaplat lang sa mga pastor/ministro at simbahan sa U.S. Ang mga petisyon na ito ay walang epekto sa mga pastor/ministro at simbahan sa Afrika, Pilipinas, Europa o Eurasia.

Sinusuportahan ng aming mga petisyon ang misyon ng Wespeth sa pangangalaga sa mga naglilingkod. Tinutugunan din ng mga petisyon ng Wespeth ang mga pagbabagong nakakaapekto sa UMC. Kasama sa mga pagbabagong ito ang:

Lumiliit na simbahan sa U.S.



Ang bilang ng mga lokal na simbahan at miyembro ng simbahan sa U.S. ay bumababa mula noong hindi bababa sa 1980. Ginagawa nitong mas mahirap para sa mga taunang kumperensya na mabayaran ang mga pangmatagalang benepisyo sa pagreretiro para sa pastor/ministro ng U.S.

Nagbabagong balanse sa UMC



Dumadami ang mga miyembro ng UMC sa mga Kumperensya Sentral ngunit lumiliit sa U.S. Sa lalong madaling panahon, ang mga miyembro ng Simbahan sa mga Kumperensya Sentral (Afrika, Pilipinas, Europa at Eurasia) ay magiging mas madami na kaysa sa kabuuang mga miyembro sa mga hurisdiksyon ng U.S.

Ang pagbabagong ito ng populasyon ay nagpapataas sa pangangailangan para sa isang pangrehiyong kumperensya ng U.S. (sa halip na ang internasyonal na katawan ng Kumperensya Heneral) na gumawa ng mga desisyon sa mga paksang para sa U.S. lamang na hindi nakakaapekto sa buong Koneksyon, katulad ng mga pensyon para sa pastor/ministro ng U.S.

(Sinusuportahan ng Wespeth ang mga panukala sa rehiyonalisasyon na magbibigay para sa isang pangrehiyong kumperensya ng U.S. **Higit pang impormasyon.**)

Tumataas na pangangailangan para sa mas magandang kinabukasan



Nagsusumikap ang Wespeth para sa isang mas magandang kinabukasan sa buong mundo. Nakatuon kami sa pagtugon sa pagbabago ng klima at pagpapabuti sa kapaligiran; pagprotekta sa mga karapatang pantao; pagdiriwang ng pagkakaiba-iba; at pagtataguyod ng patas na pamamahagi ng malinis na tubig, abot-kayang pabahay at iba pang kinakailangang mapagkukunan.

Pagsasabatas mula sa Wespeth

Marami sa mga petisyon ng Wespeth ang nalalapit lamang sa mga pastor/ministro, lokal na simbahan, taunang kumperensya o mga plano sa benepisyo sa Estados Unidos.

Mga Pagbabago sa Plano ng Benepisyo

U.S. LANG

PETISYON 20946-FA

Plano sa Pagreretiro para sa Pastor/Ministro ng U.S. (“Compass” na Plano)—¶1504.1

Ang Compass ay isang iminungkahing plano sa pagreretiro para sa mga pastor/ministro sa U.S. Hindi nito babaguhin ang mga benepisyo ng pensyon na ibinibigay sa Afrika, Pilipinas, Europa o Eurasia.

Ano ito: Isang bagong plano sa pagreretiro para sa pastor/ministro ng U.S.

Bakit ito inirekomenda:

- Mga napapanatiling benepisyo sa pangmatagalan, kaya magkakaroon ng mga benepisyo sa pagreretiro ang mga susunod na henerasyon ng mga pastor/ministro
- Sapat na kita para sa mga pastor/ministro, at abot-kaya para sa taunang mga kumperensya at mga lokal na simbahan
- Hindi nagdaragdag ng pangmatagalang pananagutan sa pensyon para sa mga simbahan at taunang kumperensya
- Flexible at portable
- Hindi binabago ang mga benepisyo ng pensyon para sa mga pastor/ministro sa mga Kumperensya Sentral



Iba Pang mga Pagbabago sa Plano ng Benepisyo

U.S. LANG

PETISYON 20948-FA

¶1504.1 Programang Seguridad sa Pagreretiro ng Pastor/Ministro (Clergy Retirement Security Program, CRSP)—Kasalukuyang Plano sa Pagreretiro

Ano ito: Nagbibigay ng paglipat mula sa CRSP patungo sa bagong Compass na plano para sa pastor/ministro ng U.S.

PETISYON 20947-FA

¶1504.1—Mga Mandatoryong Plano at Plano sa Pagreretiro na Tinukoy ng Bagong Pastor/Ministro

Ano ito: Nagbibigay-daan sa Lupon ng mga Direktor ng Wespeth na gumawa ng mga limitadong pagbabago sa mga plano ng pastor/ministro sa U.S. sa pagitan ng mga Kumperensya Heneral.

PETISYON 20951-FA

¶1504.1—Mga Pag-amyenda sa Komprehensibong Plano ng Proteksyon (Comprehensive Protection Plan, CPP)

Ano ito: Pinapasimple ang mga benepisyo sa kamatayan at ang paglipat sa mga benepisyo sa kapansanan para sa pastor/ministro sa U.S.

Pagsasabatas mula sa Wespeth

Pamamahala sa Wespeth

PETISYON 20945-FA

¶1502 Membership (Lupon ng mga Direktor ng Wespeth)

Ano ito: Binabawasan ang laki ng Lupon ng mga Direktor ng Wespeth mula 32 tao sa 25 tao.

Bakit ito inirerekomenda:

- **Pagtitipid sa gastos at kahusayan**
- **Alinsunod sa iba pang pangkalahatang ahensya ng UMC**—Inaprubahan ng GC 2012 at GC 2016 ang mas maliliit na Lupon para sa 9 sa 13 pangkalahatang ahensya.
- **Iba't ibang pananaw**—pinapanatili ang representasyon ng Kumperensya Sentral sa Lupon; nagsusumikap para sa 30% kababaihan at mga tao mula sa minoryang lahi/etniko.



Ang GC 2016 na petisyon ng Wespeth na bawasan ang Lupon ng mga Direktor nito ay inaprubahan sa komite ng lehislatibo, ngunit hindi ibinoto sa plenaryo dahil naubusan ng oras ang Kumperensya Heneral na isaalang-alang ang lahat ng petisyon. Ang petisyon ng GC 2020 ay katulad ng petisyon noong 2016.

Mga Serbisyo ng Wespeth

PETISYON 20224-FA

¶1504.20—Mga Pensyon ng Kumperensya Sentral (Central Conference Pensions, CCP)

Ano ito: Ina-update ang paglalarawan sa tungkulin ng Wespeth na nauugnay sa programa ng Central Conference Pensions (CCP na programa) sa Afrika, Pilipinas, Sentral at Southern Europe, at Eurasia.

Bakit ito inirerekomenda:

Paglililaw at mga update

- Inilalarawan ang pakikipagtulungan ng Wespeth sa iba pang pangkalahatang ahensya ng UMC para sa programang CCP.
- Nilililaw ang tungkulin ng Wespeth sa pagkonsulta sa mga indibidwal na Kumperensya Sentral sa pagpopondo ng pensyon at pangangasiwa ng lokal na programa.
- Ipinagpapatuloy ang kasalukuyang gawain ng Wespeth na sumusuporta sa Central Conference Pensions.



Tungkol sa CCP na Programa*

- Nagbibigay ng mga pensyon para sa **mahigit 3,600** na mga retirado at nabubuhay na asawa
- **\$16,260,678** (sa dolyar ng U.S.) na ipinamahagi sa mga pensyonado sa 2007 hanggang 2023
- Tumutulong sa programang pensyon na sumasaklaw sa **8,000** aktibong mga pastor

*Datos noong Oktubre 31, 2023

MGA PETISYON 20950-FA AT 20952-FA

¶1504.2—Mga Plano sa Boluntaryong Benepisyo ng Wespeth

¶1504.16—GBPHB Institusyonal na Namumuhunan

Ano ang mga petisyon: Linawin ang kakayahan ng Wespeth na mangasiwa ng mga plano ng benepisyo at mga serbisyo sa pamumuhunan para sa mga simbahan at organisasyong nauugnay sa Methodist.

Bakit inirerekomenda ang mga ito: Pagkakaisa ng Kristiyano sa malawak na komunidad ng Methodist.

Pagsasabatas mula sa Wespeth

Etika sa Investment

PETISYON 20982-GA

¶1717—Mga Investment na Napapanatili at Responsable sa Lipunan

Ano ito: Hinihikayat ang mga mamumuhunan sa UMC na isulong ang mga patakarang naaayon sa mga Prinsipyo sa Lipunan ng UMC—lalo na ang kaugnay sa mga karapatang pantao, panganib sa klima at pagprotekta sa kapaligiran.

Bakit ito inirerekomenda:

- **Ihinahanay** ang mga kasanayan sa investment sa mga Prinsipyo sa Lipunan ng UMC, na balanse sa mga tungkulin ng tagapamahala.
- **Pinapagana ang Methodist na "bores sa hapag"**—Ang mga mamumuhunan na may kaugnayan sa Simbahan (kabilang ang Wespeth) ay maaaring makipag-ugnayan sa mga korporasyon, mga gumagawa ng patakaran at mga pinuno ng pamahalaan upang lumikha ng positibong pagbabago sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap.



Mag-invest



Makipag-ugnayan



Iwasan

Ang Wespeth ay **nag-invest** sa mga solusyon na gumagawa ng positibong epekto sa lipunan at kapaligiran; **nakikipag-ugnayan** kami sa mga gumagawa ng patakaran upang maisulong ang pagbabago; at **iniwasan** namin ang mga pamumuhunan na nauugnay sa mga etikal na pagbubukod ng UMC at mga pinalawak na alituntunin ng Wespeth, kabilang ang mga kumpanyang gumagawa ng thermal na uling o mga armas.



Pagsasabatas mula sa Wespeth



Ipinapakita ng Ulat sa Patuluyang Investment ng Wespeth ang ilan sa mga pakikipagtulungang gawain ng Wespeth upang masuportahan ang mga karapatang pantao; kalusugan ng kapaligiran; pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay at pagsasama; at iba pa. wespeth.org/assets/1/7/5987.pdf

Noong Oktubre 2022, naglakbay ang Pangkalahatang Kalihim ng Wespeth na si Andy Hendren (r) sa Banal na Lupain upang marinig ang iba't ibang pananaw sa mga kumplikadong isyu na sumasalot sa magulong rehiyon na ito.



Nakipagsosyo ang Wespeth sa ibang mga ahensya ng UMC (Church and Society, Global Ministries at United Women in Faith) sa isang webinar sa ang COP27 climate action summit ng United Nations (Nobyembre 2022 sa Sharm el-Sheikh, Egypt). (L) Tagapamahalang Direktor ng Wespeth sa mga Estratehiya sa Patuluyang Pamumuhunan Jake Barnett



Pagsasabatas na Hindi sa Wespeth: Mga Panukala sa Regionalization

Mga Panukala sa Regionalization

Lubos na sinusuportahan ng Wespeth ang mga panukala na lilikha ng isang katawan ng pamamahala na nakabase sa U.S. na tutugon sa mga usapin sa U.S. lamang. Kasama sa mga panukalang ito ang:



(2023)

- Panukala na magkasamang binuo ng Standing Committee sa Mga Usapin ng Kumperensya Sentral at Connectional Table (Mga Naunang Panukala)
- Pangrehiyon na Kumperensya ng U.S. (Panukala sa Connectional Table)
- Christmas Covenant (Panukala sa Kumperensya sa Cavite Pilipinas)

Ano ang mga pangrehiyon na panukala:


- Lumilikha ng isang katawan ng pamamahala na nakabase sa U.S. na tutugon sa mga bagay na nakakaapekto lamang sa U.S. at hindi sa buong Koneksyon.
Mga halimbawa ng bagay na sa U.S. lang:
 - Mga plano sa pagbabayad at benepisyo para sa mga pastor/ministro sa U.S.
 - Mga pagdiriwang ng pista opisyal sa U.S.
 - Mga naiaangkop na bahagi ng *Ang Aklat ng Disiplina* na hindi nalalapat sa buong UMC.
 - Maraming mga resolusyon at detalye tungkol sa mga isyung partikular sa U.S.
- Hindi binabago kung paano inihahalal ang mga obispo.
- Pinapanatili ang U.S. na may kaugnayan sa pandaigdigang UMC para sa lahat ng mga bagay na may kaugnayan na nakakaapekto sa buong denominasyon.

Bakit inirerekomenda ang regionalization:

- **Nakakatipid ng oras at pera sa Kumperensya Heneral**—karamihan ng oras at mapagkukunan ng Kumperensya Heneral ay ginugugol sa mga petisyon na nakakaapekto lamang sa mga pastor/ministro at simbahan sa U.S.
- **Mahusay at praktikal**—Ang mga delegado ng Kumperensya Heneral mula sa labas ng U.S. ay hindi na kailangang magsalin, mag-aral at bumoto sa daan-daang mga petisyon na hindi nakakaapekto sa kanilang mga bansa o mga episkopal na lugar.
- **Pare-parehong pamamahala sa buong Koneksyon**—Ang U.S. ang tanging bahagi ng UMC na ang mga usaping naiaangkop ay pinagpapasyahan ng buong internasyonal na katawan ng Kumperensya Heneral. Ang lahat ng iba pang rehiyon ng Simbahan ay may pangrehiyon o pambansang pamamahala na aamyenda sa mga bahaging naiaangkop ng *Disiplina* para sa kanilang konteksto sa rehiyon at upang magpasya tungkol sa mga benepisyo para sa kanilang sariling pastor/ministro.

Pagsasabatas mula sa Wespeth: Iba pang mga Update sa *Disiplina*

Ano ang mga ito: Ang ilang mga petisyon na isinumite ay gagawa ng mga paglilinaw, teknikal na pagsasaayos at maliliit na pag-update sa *Aklat ng Disiplina* wika na tumutugon sa mga responsibilidad na nakatuon sa U.S. para sa Wespeth at mga taunang kumperensya ng U.S. Ang mga teknikal na pagbabagong ito ay hindi nakakaapekto sa mga Kumperensya Sentral. Tingnan ang [Advance Daily Christian Advocate](#) para sa mga detalye sa iba pang mga petisyon ng Wespeth.



Wespeth Benefits and Investments | 1901 Chestnut Avenue | Glenview, Illinois 60025-1604 | United States

wespeth.org/GC2020



[instagram.com/wespethbi](https://www.instagram.com/wespethbi)



twitter.com/wespeth



facebook.com/wespeth